


# Music

## Ikatlong Markahan – Module 7: Ang Piano at Ang Forte



**Music – Ikaapat na Baitang  
Alternative Delivery Mode  
Ikatlong Markahan – Modyul 7: Ang Piano at Ang Forte  
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon  
Kalihim: Leonor Magtolis Briones  
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

<b>Manunulat:</b>	Serena A. Bardaje
<b>Editor:</b>	Jerilyn M. Torio
<b>Tagasuri:</b>	Cynthia T. Montañez
<b>Tagaguhit:</b>	Emma N. Malapo
<b>Tagalapat:</b>	Serena A. Bardaje, Jefferson R. Repizo
<b>Tagapamahala:</b>	Gilbert T. Sadsad Francisco B. Bulalacao, Jr. Grace U. Rabelas Ma. Leilani R. Lorico Gerson V. Toralde Belen B. Pili Randy A. Bona

**Inilimbag sa Pilipinas ng \_\_\_\_\_**

**Department of Education – Region V**

Office Address: Regional Center Site, Rawis, Legazpi City 4500  
Mobile Phone: 0917 178 1288  
E-mail Address: region5@deped.gov.ph

# **Music**

## **Ikatlong Markahan – Module 7: Ang Piano at Ang Forte**

## **Paunang Salita**

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinomang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anomang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## **Alamin**

Magandang araw sa iyo!

Higit na kaakit-akit ang pagkanta o pagtugtog nang may damdamin na maririnig sa paggamit ng **daynamiks**. Ito ay mahalaga sa isang awit upang mas lalong maramdaman ang damdaming nais ipahiwatig nito.

Ang *daynamiks* ay elemento ng musika na tumutukoy sa paglakas at paghina ng isang awitin o tugtugin. Ito ang ekspresyon ng musika. Ang ***p*** (piano) ay para sa mahinang pag-awit o pagtugtog samantalang ang ***f***(forte) ay para sa malakas na pag-awit o pagtugtog.




Layunin ng modyul na ito ang sumusunod:

1. Nakikilala ang gamit ng simbolong ***p*** para sa piano at ***f*** para sa forte.
2. Nagagamit ang mga simbolo ng daynamiks sa pag-awit.
3. Nabibigyang damdamin ang pag-awit sa pamamagitan ng paggamit ng mga daynamiks na piano at forte.



## Subukin

**Panuto:** Masdan mo ang mga larawan. Tukuyin kung alin ang nagbibigay ng mahina o malakas na tunog. Bilugan ang mga larawan na nagpapakita ng mahinang tunog at ikahon ang nagpapakita ng malakas na tunog. Gawin ito sa iyong sagutang-papel.



# Aralin

# 1

## Ang Piano at Ang Forte




### *Balikan*

A. **Panuto:** Gawin ang sumusunod na rhythmic pattern. Bigyang pansin ang simbolo ng diin ( > ) sa bawat unang kumpas. Ibig sabihin ay malakas at may diin ang nasa unang kumpas.


Unang Gawain: Pagpapalakpak

Ikalawang Gawain: Pagtapik ng mesa

Ikatlong Gawain: Pagtugtog ng Instrumentong percussion



B. Subukan mong awitin muli ang sofa syllables gamit ang Kodaly Hand Signal.



Gawin ang Kodaly Hand Signals habang sinusubukang awitin ang sofa syllables nang mahina sa may simbolong *p* at malakas sa simbolong *f*.



## Tuklasin

### Gawain 1

**Panuto:** Kilalanin ang mga simbolo ng dynamics sa musical score ng Dance and Sing. Awitin nang may angkop na dynamics ang “Dance and Sing”.

Mary Grace V. Cinco

### Dance and Sing

Amelia M. Ilegan

Source: Musika at Sining 4 Patnubay ng Guro, p.96





**Panuto:** Sagutin ang sumusunod. Isulat ang sagot sa iyong sagutang-papel.

1. Isulat ang simbolo ng daynamiks na makikita sa awit na Dance and Sing? \_\_\_\_\_
2. Paano inaawit ang parte ng mga sumusunod na mga titik ng awit na:
  - a. "Let us dance and sing, bring gladness and cheer" \_\_\_\_\_
  - b. "Shake hand with a friend" \_\_\_\_\_
  - c. "Sway your hips and clap" \_\_\_\_\_
  - d. "Stamp your feet and tap" \_\_\_\_\_
  - e. "Turn around and stop" \_\_\_\_\_

## Gawain 2

**Panuto:** Ipalakpak o ikilos mo ang isinasaad ng larawan (mahina at malakas).

1. 
2. 

Paano mo ipinalakpak o ikinilos ang...

Malaking hugis? \_\_\_\_\_


Maliit na hugis? \_\_\_\_\_



## Suriin

**Panuto:** Alin sa dalawang piyesa ang inaawit nang mahina at alin naman ang inaawit nang malakas? Suriin mo. Isulat sa loob ng  ang simbolong *p* kapag mahinang pag-awit at *f* kung malakas na pag-awit. Isulat ang sagot sa iyong sagutang-papel.

1. Awitin mo ang “Ugoy ng Duyan”,



### Ugoy ng Duyan

Levi Celerio

Lucio D. San Pedro



Sa - na'y 'di mag - ma - liw ang da - ti kong a - raw,



Nang mun - ti pang ba - ta sa pi - ling ni Na - nay,



Na - is kong ma - u - lit ang a - wit ni I - nang ma - hal,




A - wit ng pag - i - big ha - bang a - ko'y na - sa du - yan.

Tungkol saan ang awit? \_\_\_\_\_

Paano natin ito aawitin? \_\_\_\_\_

Bakit? \_\_\_\_\_

2. Narito ang isa pang iskor ng awit.



## Magtanim ay 'Di Biro

Tagalog Folk Song


Mag-ta - nim ay 'di bi - ro, mag-ha-pong na-ka-yu - ko, 'Di manlang ma-ka-u - po, 'Di manlang ma-ka-ta  
Descant. 'Di bi - ro, mag - ha - pon, 'di  
yo. Mag - ta - nim, 'di bi - ro, Mag - ha - pong na - ka - yu - ko, 'Di man  
man lang ma - ka - ta - yo.  
lang ma - ka - u - po, 'Di man lang ma - ka - ta - yo.

Source: Musika at Sining 4, Kagamitan ng Mag-aaral

Tungkol saan ang awit? \_\_\_\_\_

Paano natin ito aawitin? \_\_\_\_\_

Bakit? \_\_\_\_\_



## *Pagyamanin*

**Panuto:** Isagawa mo ang sumusunod:

1. Lumakad nang nakatingkayad (tip toe)
2. Tunog ng kulog
3. Magsalita nang pabulong
4. Tunog ng sirena
5. Sumutsot ka
6. Sumigaw ka

Nagawa mo ba nang maayos?

Magaling!

**Panuto:** Isulat mo sa kahon ang angkop na daynamiks ng mga gawain sa itaas. Gawin ito sa iyong sagutang-papel.

1.
2.
3.
4.
5.
6.



## **Isaisip**

May iba't ibang antas ng lakas at hina ang mga tunog na maririnig sa ating kapaligiran.

Sa musika, isang paraan upang maipahiwatig ang damdamin sa pag-awit ay sa pamamagitan ng makabuluhang paghina at paglakas ng tinig o pagtugtog. Tinatawag itong *daynamiks*. Hindi lamang ito nagpapakita ng emosyon ng awit kundi upang maging akma ang musika sa gamit nito. Ang mga awitin para sa pagpapatulog ng bata ay inaawit nang mahina. Tumutugtog naman nang malakas ang bandang martsa sa piyesta.

May mga antas ng daynamiks tulad ng piano at forte. Ang piano ay para sa mahinang tunog at forte para sa malakas na tunog. Gumagamit din ng simbolo para sa mga antas na ito:

<i><b>p</b></i>	piano
<i><b>f</b></i>	forte



## Isagawa

Pag-aralan ang awit.

### Ang Alibangbang (Hiligaynon)



Ang a - li - bang - bang 'ga lu - pad lu - pad, Sa ma - nga da - lan 'ga li - ki - li - ki: Sut - la ang sa -  
 bang 'ga lu - pad lu - pad, Sa ma - nga da - lan 'ga li - ki - li - ki: Sut - la ang sa -  
 1.

ya, bur - da - dong na - gwas, U nay ang ba - li - ug sa ba - yong de pa - ris. Ang a - li - bang -  
 ya, bur - da - dong na - gwas, A - bi mo kon - sin - o nga ma - ri - po -  
 2.

sa. Ang a - li - bang bang, ang a - li - bang bang, ang a - li - bang bang, ang a - li - bang bang, \_\_

Source: *Musika at Sining 4 Kagamitan ng Mag-aaral*, p.132

Salin:

Ang paruparo ay lumilipad-lipad  
 Sa mga daan, kumikembot-kembot  
 Sutla ang saya, bordado ang kamison  
 May panyo sa leeg na parang nasa Paris

\* Ang dalaga ay inihalintulad sa isang paruparo kung kumilos at manamit.

**Panuto:** Sagutin mo. Isulat ang sagot sa iyong sagutang-papel.

1. Ano ang pamagat ng lunsarang awit?

\_\_\_\_\_

2. Alam mo ba kung anong insekto ito?

\_\_\_\_\_

3. Anong pananda ang makikita sa unang bahagi ng awit?

\_\_\_\_\_

4. Paano inaawit ang bahaging ito ng awitin?

\_\_\_\_\_

5. Anong pananda ang makikita sa huling bahagi ng awit?

\_\_\_\_\_

6. Paano ito inaawit?

\_\_\_\_\_



## **Tayahin**

A. **Panuto:** Batay sa pamagat ng mga awitin, pag-isipan ang ilalagay sa puwang kung paano dapat awitin ang sumusunod na awit. Isulat ang **f** kung dapat ay forte at **p** kung piano lamang. Isulat ang sagot sa iyong sagutang-papel.

- \_\_\_\_\_ 1. Tulog na Bunso
- \_\_\_\_\_ 2. Welcome
- \_\_\_\_\_ 3. Rock-a-bye, Baby
- \_\_\_\_\_ 4. Happy New Year
- \_\_\_\_\_ 5. Lullaby

B. Ano ang dapat gawin sa mga bahagi ng awit na may simbolong:

***f*** \_\_\_\_\_

***p*** \_\_\_\_\_



C. Awitin mo nang maayos at naaayon sa simbolong ng daynamiks.

**Natutulog Ang Bata**

*p*  
Na-tu-tu-log, na-tu-tu-log, Ang ba-ta,  
*f*  
Ang ba-ta, A-tin s'yang gi-si-ning,  
A-tin s'yang gi-si-ning, Gi-sing na! Gi-sing na!

Naawit mo ba nang maayos ang kanta?

Ano ang ginawa mo para gumanda ang interpretasyon mo sa kanta?



### ***Karagdagang Gawain***

**Panuto:** Sagutin ang mga tanong: Isulat ang sagot sa iyong sagutang-papel.

1. Sa anong pagkakataon kailangan mong magsalita nang mahina? \_\_\_\_\_
2. Sa anong pagkakataon kailangan mong magsalita nang malakas \_\_\_\_\_





## ***Subukin***

**Panuto:** Maaaring pagbasehan ang pamagat ng awit para matukoy kung mahina o malakas. Ilagay ang angkop na simbolo ng daynamiks sa sagutang-papel -- “**p**” kung piano o mahina o di kaya “**f**” o forte malakas.

1. Are you Sleeping
2. Maligayang Kaarawan
3. Ili-Ili Tulog Anay
4. Lullaby
5. Rikiting-kiting

### **Aralin**

## **2**

## **Ang Piano at Ang Forte sa Pagtugtog**



## ***Balikan***

Natuto ba kayo sa ating nakaraang aralin?

1. Ano ang ibig sabihin ng **p** at **f**? \_\_\_\_\_
2. Ipaliwanag ang iyong kasagutan sa sumusunod na tanong.
  - a. Sa anong uri ng kanta o tugtugin angkop na ginagamit ang piano?
  - b. Sa anong uri ng kanta o tugtugin angkop na ginagamit ang forte?



## ***Tuklasin***

Pakinggan ang “Mindanao Sketches” ni Buenaventura sa youtube (<https://www.youtube.com/watch?v=xuvOYOK2jOQ>).

Ano ang naglaro sa inyong isipan habang kayo ay nakikinig ng tugtugin? \_\_\_\_\_

Paano nakadagdag ang lakas o hina ng napakinggang tugtugin sa iyong naiisip?

---

---



## ***Suriin***



Higit na kaakit-akit ang pagkanta o pagtugtog nang may damdamin na maririnig sa paggamit ng daynamiks. Ito ay mahalaga sa isang awit upang maipahayag ang damdaming ipinahihiwatig nito.

Ang daynamiks ay elemento ng musika na tumutukoy sa paglakas at paghina ng isang awitin o tugtugin. Ang **p** (piano) ay para sa mahinang pag-awit o pagtugtog samatalang ang **f** (forte) ay para sa malakas na pag-awit o pagtugtog



Gawin mo ito.

**Panuto:** Tumingin ka sa mga larawan sa ibaba. Ipakita mo ang kuwento ng larawan sa pamamagitan ng paggamit ng perkusyon. Gawing malakas ang tunog ng instrumento para sa larawang nagpapakita ng kalakasan at mahinang tunog para sa larawang nagpapakita ng kahinaan

A.



B.



C.



Ano ang naipakita mo? \_\_\_\_\_



## **Isaisip**

Daynamiks ay ang lakas at hina ng pag-awit at pagtugtog.

**p** (piano) - awitin o tugtugin nang mahina

**f** (forte) - awitin o tugtugin nang malakas

May iba't ibang antas ng lakas at hina ang mga tunog na maririnig sa ating kapaligiran.

Sa musika, isang paraan upang maipahiwatig ang damdamin sa pag-awit ay sa pamamagitan ng makabuluhang paghina at paglakas ng tinig. Tinatawag itong **daynamiks**. Hindi lamang ito nagpapakita ng emosyon ng awit kundi upang maging akma ang musika sa gamit nito. Ang mga awitin para sa pagpapatulog ng bata ay inaawit nang mahina. Pinapatugtog naman nang malakas ang bandang martsa sa piyesta.



## **Isagawa**

Sa musika, isang paraan upang maipahiwatig ang damdamin sa pag-awit ay sa pamamagitan ng makabuluhang paghina at paglakas ng pag-awit o pagtugtog.

Pag-aralan ang awiting Leron, leron, Sinta. Ipadama sa awit ang daynamiks na **p** at **f**. Kumuha ng anomang instrumentong perkusyon na gagamiting pansaliw sa awit. Iangkop ang tamang ritmo sa awitin.

### Leron, Leron Sinta

Leron, leron Sinta	Pagdating sa dulo
Buko ng papaya	Nabali ang sanga
Dala-dala'y buslo	Kapos kapalaran
Sisidlan ng bunga.	Humanap ng iba.

Kausapin ang isang kasamahan mo sa bahay na siyang magmamarka sa iyong ginawang pag-awit at pagtugtog gamit ang rubrik na ito.

<b>Kasanayan</b>	<b>Napakahusay (3 puntos)</b>	<b>Mahusay (2)</b>	<b>Di-Gaanong Mahusay (1)</b>
1. Nakaawit at nakatugtog nang may angkop na daynamiks.			
2. Nakikilala ang gamit ng simbolong <i>p</i> at <i>f</i> .			
3. Nakaaawit sa tamang tono.			
4. Nakatutugtog nang akma sa ritmo ng awit.			



## ***Tayahin***

A. **Panuto:** Sagutin ang sumusunod na katanungan. Isulat ito sa iyong sagutang-papel.

1. Ano ang simbolo na ginagamit para sa forte?
2. Paano aawitin o tutugtugin ang bahagi ng awit na kakikitaan ng “f”?
3. Anong elemento ng musika ang tumutukoy sa lakas at hina ng pa-awit at pagtugtog?
4. Ano ang kahulugan ng forte?
5. Ano ang ibig sabihin ng dynamics na piano?

B. **Panuto:** Punan ng nawawalang salita. Isulat ang sagot sa iyong sagutang-papel.

Ang \_\_\_\_\_ ay elemento ng musika na simbolo ng paglakas at paghina ng isang awitin o tugtugin. Ang \_\_\_\_\_ ay para sa mahinang pag-awit o pagtugtog samantalang ang \_\_\_\_\_ ay para sa malakas na pag-awit o pagtugtog.

C. **Panuto:** Magbigay ng pahayag tungkol sa kahalagahan ng dynamics sa isang awitin o tugtugin. Gawin ito sa iyong sagutang-papel.



## ***Karagdagang Gawain***

**Panuto:** Humanap ng piyesa ng awit na may daynamiks na piano at forte at pagsanayang awitin at sabayan ng pagtugtog ng kahit na anong instrumentong perkusyon.



## Susi sa Pagwawasto

**ARALIN 1**

**Subukin:**  
Ambulansya, tren, drum

**Tuklasin:**  
**Gawain 1:** Tunog na malakas at mahina  
a. f      d. f  
b. p      e. f  
c. p

**Gawain 2:**  
**Gawain 3:** malakas, mahina

**Suriin:**  
*d f*

**Payamanin:**  
1. mahina  
2. malakas  
3. mahina  
4. malakas  
5. mahina  
6. malakas

**Tayahin:**  
A.  
1. P  
2. F  
3. P  
4. F  
5. P  
B.  
Malakas na pag-awit/pagtugtog *f*  
Mahinang pag-awit/pagtugtog *d*  
C. magkakaiba-iba ng sagot

**Karagdagang Gawain:**  
1. Kalungkutan, Pananalangin, Pampatulo  
2. Kasiyahan

**ARALIN 2**

**Subukin:**

1. P
2. F
3. P
4. P
5. F

**Balikan:**

1. Mahina at malakas
2. A. angkop ang piano sa mga awitin o tugtugin na pampatulog at malunungkot  
B. angkop ang forte sa mga awitin o tugtugin na masasaya

**Tuklasin:**

Magkakaiba-iba ang sagot

**Tayahin:**

- A.**
1. F
  2. Malakas
  3. Dynamics
  4. Malakas
  5. Mahina



# ***Sanggunian***

## **A. Aklat**

Copiaco, Jacinto Jr., Halinang Umawit at Gumuhit, Vibal Group Inc., 2016

Kagawaran ng Edukasyon, Kagamitan ng Mag-aaral, Book Media Press Inc., 2015

Kagawaran ng Edukasyon, Patnubay ng Guro, Book Media Press Inc., 2015

Valdecantos, Emelita C. Umawit at Gumuhit, St. Mary's Publishing Corp., 1999

## **B. (*Electronic Sources*)**

Google.com/search?q=kinds+of+note+clipart+png&oq=kinds+of+note+clipart+png&aqs=chrome.69i57j33.19760j1j7&sourceid=chrome&ie=UTF

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)